
The Official Newsletter of United Christian Fellowship Church

Vol. 11 • Issue No. 39 • October 1, 2023 Php 15.00

VOICE OF THE VISION

# Building the Foundation FOR A HEALTHY CHURCH



**Matthew 16:18 (NKJV)**

And I also say to you that you are Peter, and on this rock I will build My church, and the gates of Hades shall not prevail against it.

## Introduction

**1 Corinthians 3:10-11**

10According to the grace of God which was given to me, as a wise master builder I have laid the foundation, and another builds on it. But let each one take heed how he builds on it. 11For no other foundation can anyone lay than that which is laid, which is Jesus Christ.

- The size and strength of the church will always be determined by its foundation.

- One cannot build any structure larger than your foundation can handle.

**Note**

If anyone wants to build a healthy, strong, established, and growing church, one must spend time laying down a solid structural foundation to withstand even the most critical scenarios, the worst situations, and the most disastrous events that are to come like trials, calamities, sickness, etc.

The same as our spiritual church, it must be properly understood in our minds.

- Why is the church important?
- What is its purpose?
- What is its role?

The church is to clearly define its
- Purpose
- Statement
- Vision
- Mission

UCF's statement of purpose will clearly define five wonderful benefits for the church.

**I. A clear purpose "builds morale".**

**1 Corinthians 1:10**

Now I plead with you, brethren, by the name of our Lord Jesus Christ, that you all speak the same thing, and that there be no divisions among you, but that you be perfectly joined together in the same mind and in the same judgment.

**Proverbs 29:18**

Where there is no revelation, the people cast off restraint; But happy is he who keeps the law.

**II. A clear statement reduces frustration.**

**Isaiah 26:3**

You will keep him in perfect peace, Whose mind is stayed on You, Because he trusts in You.

- A clear statement not only defines what we do, but it also explains what we do not do.

**III. A clear direction aids us to concentrate on the things we do.**

- A focused life and a focused church have far greater "impact" than the unfocused one.

- A focused and concentrated person brings more accomplishments on the things he does.

**Note**

Don't let things and situations interrupt you.

**IV. A clear vision attracts cooperation.**

- People want to join a church that knows where it is going.

- When a church clearly communicates its destination, people are easy to get on board.

- This is because everyone is looking for something that gives life its meaning, its purpose, and its direction.

**V. A clear mission helps evaluate self.**

**2 Corinthians 13:5**

Examine yourselves as to whether you are in the faith. Test yourselves. Do you not know yourselves, that Jesus Christ is in you?—unless indeed you are disqualified.


*continue on page 12 >>*



**Rev. Dr. William G. Sy**
*Head Pastor*



# DISCOVERING THE WORLD THROUGH SUSTAINABILITY




Exploring sustainability through Math and Science brings out ideas and possible projects that could help individuals and even the community. With that, UCA celebrated Math and Science Week 2023 last September 25 to 29, a week filled with extraordinary experiments and inventions, thrilling activities, and exciting games.

UCA students both online and face-to-face embarked on various scientific activities such as Painting by Numbers, Light and Color Mixing, Fruit Jelly Making, Shampoo Bar Making, and DC Motor Manual Generator Engineering that brought the students to another level of curiosity, discovery, and learning. Parents also supported and guided their kids, resulting in a family bonding over a school project. Students were also thrilled with the Math and Science Quiz Bee and exciting booth games that tested their knowledge and skills in the said subjects.

These activities promote that sustainability begins with us—our desire to create projects to meet our needs without compromising others and even the environment. UCA teaches life lessons as part of the learners growth, not to be trained alone in academics, but also with skills that could change lives. Praise the Lord for the success of this event!

## BOOTH GAMES

Beginning from Wednesday to Friday, the students enjoyed playing in their most awaited booth games. Both online and face-to-face, they only not had fun, they also learned scientific and mathematical concepts through shapes, space, colors, and more!















*After they play in the booth games, the students excitedly claim their prizes according to the winning tickets that they got.*

**Colossians 3:15 (NKJV)**

And let the peace of God rule in your hearts, to which also you were called in one body; and be thankful.








*The online booth games were also filled with a jolly and interesting moments as the online students were able to join and participated in the program and as they interacted with their booth games facilitators.*



# SEMINARS

Every student listened as the speakers of the program shared some experiments that ignited their minds and interests in creating ideas that would develop and maintain our surroundings in a good condition.



*The teachers explains the different experiments that would guide and help the students to produce a sustainable innovations in the environment.*



# QUIZ BEE

Students engage in a long week quiz bee competition among their classes. During Quiz Bee, students are given questions regarding topics in Math and Science that helps them recall their learnings from their past lessons.



# MYSTERY BOX

The Mystery Box game gave the students amazing experiences as they join to receive their prizes for the winning tickets that they have collected in playing the booth games.







"Therefore I say to you, do not worry about your life, what you will eat or what you will drink; nor about your body, what you will put on. Is not life more than food and the body more than clothing?

**Matthew 6:25 (NKJV)**



UCF MT. TABOR CHURCH DEDICATION

# PAGDIRIWANG SA *katagumpayan sa Diyos*

Nagsimulang ialay sa Diyos ng panambahan ng UCF ang Mt. Tabor Church sa ginanap na Church Dedication noong Linggo, Setyembre 24. Kasama sa pagdiriwang ang pamilya ng UCF at ng bagong kapatiran mula sa Cabuyao, Laguna na nakiisa sa pagbubukas ng bagong ministeryo ng Panginoon.

Sa pangunguna ng punong pastor na si Rev. Dr. William Sy, inumpisahan ang pagdiriwang sa *ribbon cutting* at *anointing of oil* bilang pagdedeklara na ang panambahan na itinayo ay sa ikaluluwalhati ng pangalan ng ating Panginoong Diyos. Matapos ang ilang buwang konstruksyon at preparasyon ng mga manggagawa, ang panambahan sa Mt. Tabor ay handa nang gamitin para sa mga lingguhang gawain. Masasayang awitin ang papuri ang handog ng mga anak ng Diyos na nais Siyang pasalamatan at dakilain. Pami-pamilya ang dumalo mula sa iba't ibang barangay ang nakasaksi at nakiisa sa pagbubukas ng panambahan sa Mt. Tabor. Hindi banta ng bulkan o ng mga aberya ang makapipigil sa plano ng Diyos.

## Ribbon Cutting

*Sinimulan ang church dedication sa isang ribbon cutting upang opisyal na salubungin ang lahat ng dumalo at simulan ang gawain sa Mt. Tabor Church. Pinangunahan ni Sis. Dely Sy ang bahaging ito kasama si Rev. Dr. William Sy, mga pastor, mga ministry leader at mga manggagagawa. Sinaksihan ito ng buong kapatiran at maging ng mga bisita.*













*Sinimulan ang programa sa panalangin para sa panambahan at maging sa mga dadalo rito.*

## Anointing of Oil

*Sinundan naman ng anointing of oil na ibinuhos ni Rev. Dr. Sy upang selyuhan ang buong lugar at ialay ang panambahan sa Diyos na Siyang nagtakda at nagtatag nito. Kasabay ng pagpatak ng langis ay ang deklarasyon na ang lahat ng papasok dito ay makararanas ng kabutihan at pag-ibig ng Diyos.*

**Psalm 55:22 (NKJV)**

Cast your burden on the Lord, And He shall sustain you; He shall never permit the righteous to be moved.

# Praise and Worship

*Mataas na papuri at pasasalamat ang nararapat na ialay sa Panginoon sapagkat Siya ang naging daan upang maisakatuparan ang pagpapalawak ng ministeryo sa Mt. Tabor. Ang buong panambahan ay nagdiriwang dahil sa kabila ng mga pagsubok ay patuloy pa ring nanaig ang plano ng Panginoon. Bilang mga anak ng Diyos, ang lahat ay buong pusong umawit at sumamba sa Panginoon, kasabay ng hangaring itaas ang Ngalan ng Diyos.*



*Pinangunahan ng ating mga butihing pastor ang pagbibigay papuri sa Diyos.*





*Ang buhay ng mga manggagawang nagpapagamit sa Panginoon ay isang patotoo ng kabutihan at katapatan ng Panginoon sa Kaniyang mga anak.*









*Ang kanilang pag-awit at pagtaas ng kamay ay pagpapakita ng kanilang pagmamahal at pasasalamat sa Panginoon.*

**Ngayong araw ay mayroon tayong *ipagbubunyi*. Mayroong tayong ipagdiriwang dahil *ang Diyos natin ay mabuti.***

**- Rev. Dr. James Sy -**



*Sa presensya ng Panginoon, mayroong kagalakan at kapayapaan ang mga pusong nananabik sa Kaniya.*

Let the wicked forsake his way, And the unrighteous man his thoughts; Let him return to the Lord, And He will have mercy on him; And to our God, For He will abundantly pardon.

**Isaiah 55:7 (NKJV)**

# Special Presentations

Matapos ang ilang linggong paghahanda, ang bawat fellowship group ay nagtanghal ng isang espesyal at makabuluhang mga presentasyon kasama ang mga attendee ng Bible Study sa Mt. Tabor. Mayroon mang mga pagkakaiba sa edad, kasarian at pinanggalingan, ngunit bilang isang pamilya na pinagbuklod ng pag-ibig ng Diyos ay kanilang pinarangalan ang Panginoon sa pamamagitan ng iba't ibang awitin at tugtugin.




Masiglang umawit ang mga bata mula sa Children's Fellowship para sa kanilang espesyal na presentasyong nagsasabi na kanilang kagalakan ang sumamba sa Panginoon.








Sa pamamagitan ng simpleng mga awit at sayaw ay hindi lamang nila napapakita ang kanilang mga talento, bagkus ay nabibigyan din nilang parangal ang Panginoon na nagdala sa kanila sa panambahan ng UCF Mt. Tabor.



Talentong kaloob ng Diyos ang naipamalas ng bawat isa.







Tunay na hindi nakabase sa edad ang pag-aalay ng talento sa Diyos.

**Matthew 6:34 (NKJV)**

Therefore do not worry about tomorrow, for tomorrow will worry about its own things. Sufficient for the day is its own trouble.

# Message of the Lord

Isa sa importanteng bahagi ng programa ay ang pagbabahagi ng mensahe ng lingkod ng Diyos at punong pastor ng panambahan ng UCF na si Rev. Dr. William Sy. Ikinuwento niya ang katapatan ng Diyos sa kaniyang buhay hanggang sa pagsama Niya sa pagtatayo ng UCF Mt. Tabor Church na gagamitin upang umakay at umalalay sa mga nawawalang tupa. Ang lahat ng dumalo ay nakinig sa bawat salitang naghahayag ng pagkilos ng Panginoon.




Bakas kay Rev. Dr. William Sy ang galak na ibahagi sa mga dumalo ang katuparan ng plano ng Diyos matapos ang ilang taong paghihintay.




Ipinanalangin din ng punong pastor ang bawat isang dumalo ng ibayong pagnanais na magpatuloy sa pagkilala sa Panginoon.



Nawa'y ang bawat pahayag ng Mabuting Balita ay tumalima sa puso ng bawat isang naghahanap sa ating Panginoong Hesu Kristo.

*Ang Diyos ay able.*
**Kayang baguhin ng Diyos ang buhay natin. Kaya ng Diyos ayusin ang inyong kinabukasan at kaya ng Diyos iligtas ang bawat miyembro ng ating pamilya.**

**- Rev. Dr. William Sy -**




# AVP Viewing

Magiliw ding nanood ng mga audio-visual presentation (AVP) ang mga dumalo sa church dedication na nagpakita kung paanong kumilos at sumama ang Diyos sa bawat taon ng UCF at sa mga ministeryong nakapaloob dito. Ang mga video na ito ay patunay ng katapatan at kadakilaan ng Diyos sa loob ng higit tatlong dekada at patotoo rin ng maraming buhay na hinipo at kinasangkapan Niya sa paghahayag ng Kaniyang Mabuting Balita.










Sa loob ng mahigit tatlumpu't anim taon, ang bawat lugar at taong naaabot ng UCF ay patuloy na nadaragdagan. Sa pagbubukas ng UCF Mt. Tabor Church ay mas lalong lalawak pa ang mga mabubuting gawa ng Panginoon sa pamamagitan ng panambahan at ng mga manggagawa.

Fear not, for I am with you; Be not dismayed, for I am your God. I will strengthen you, Yes, I will help you, I will uphold you with My righteous right hand.'

**Isaiah 41:10 (NKJV)**

## Photobooth

Matapos ang buong programa, hindi rin pinalampas ng mga dumalo at maging ng kapatiran ng UCF ang pagpapakuha ng larawan—mga larawang babaunin tanda ng selebrasyon ng katapatan ng Diyos sa UCF at pagbubuklod nito bilang isang pamilya ng Panginoon. Ang bawat ngiti ay patotoo ng pagkilos ng Diyos sa kanilang mga buhay, maging nang nag-uumapaw na kabutihan at kadakilaan ng Panginoon. Salamat sa Diyos sa galak na Kaniyang nilagay sa puso ng lahat at sa walang humpay Niyang pag-ibig.












Malugod na tinanggap ng UCF ang lahat ng dumalo mula sa iba't ibang bahagi ng Cabuyao at Calamba, Laguna. Ang gawaing ito ay marka ng mas malawak pang plano ng Diyos at pagsasakatuparan ng mission at vision—mga pangitain na magdadala ng mga kaluluwa sa paanan ng Panginoon.




Ramdam din ang pag-ibig ng Panginoon dahil sa mainit na pagtanggap ng UCF sa bawat isang dumalo sa church dedication.










**Psalm 34:4 (NKJV)** I sought the Lord, and He heard me, And delivered me from all my fears.

# Ministry Departments & Committees

Isang pamilyang naglingkod ang mga manggagawa at boluntaryo ng panambahan sa ginanap na UCF Mt. Tabor *Church Dedication*. Bawat departamento ay tulong-tulong sa pagsasaayos ng programa na magtatanghal sa ating Diyos na buhay.




*Pinangungunahan ng Band Department ang pagtugtog ng mga instrumentong magbibigay luwalhati sa ating Panginoong Diyos.*




*Masisiglang mga pagpupuri sa pamamagitan ng pagsasayaw ang handog ng Dance Department.*




*Ang Choir Department ay isang pamilyang umaawit at sumasamba sa Panginoon kasama ang kongregasyon.*




*Tulong-tulong ang Ushering Department upang mainit na salubungin at alalayan ang mga bisita.*

11 For I know the thoughts that I think toward you, says the Lord, thoughts of peace and not of evil, to give you a future and a hope. 12 Then you will call upon Me and go and pray to Me, and I will listen to you.

**Jeremiah 29:11-12 (NKJV)**




Gamit ang iba't ibang medium ay naibabahagi ng Multimedia Department ang habag at kabutihan ng Panginoon.




Masarap na pagkain ang handog ng Kitchen Department para sa lahat ng nagsipagdalo.




Ang Salita at pagmamahal ng Panginoon ay naibabahagi rin sa mga bata sa pamamagitan ng Children Ministry.




Sa tulong ng ating mga kapatid sa Program Committee, matagumpay na naidaos ang bawat bahagi ng programa ng Church Dedication.




Tulong-tulong ang mga kapatid sa Transportation and Security Committee upang maisaayos ang seguridad ng mga pupunta ng panambahan.

**Matthew 6:34 (NKJV)**

Therefore do not worry about tomorrow, for tomorrow will worry about its own things. Sufficient for the day is its own trouble.

# Testimonials

Ilan sa ating mga kapatid mula sa Cabuyao Laguna, ang nais magpasalamat sa pagbubukas ng panambahan sa UCF Mt. Tabor dahil sa pamamagitan nito ay mas lalo silang makakarinig ng Salita ng Diyos kasama ang kapatiran. Ito rin ang panimulang linggo na sila ay nakadalo na Sunday Worship Service sa bagong panambahan.

*Praise God at may bago na tayong panambahan dito sa Mt. Tabor! Napakalaking tulong at biyaya ito sa amin ng Panginoon. Six weeks palang akong uma-attend dito sa gawain ay mayroon na kaagad na panambahan. Maayos ang pagtanggap, pakikisama at pagaasikaso sa aming pamilya, mga anak at sa aming mga kabarangay ng mga miyembro ng UCF.*



**Elizabeth Mendoza**
*Attendee from Dapdap East*



*Sobrang blessed and happy ako kasi hindi na natin kailangan lumayo dahil nandito na sa ating barangay ang panambahan sa pangunguna ni Ptr. William Sy. Mas inilalapit ng Panginoon ang sarili Niya sa amin at mas nabe-bless kami araw-araw sa pag-attend namin ng Bible Study, at lalo na dito sa church ngayong araw na ito.*

**Camille De Leon**
*Attendee from Purok 6*

*Nagpapasalamat po ako at may panambahan dito at makakapagsamba na din kami. Masaya po ang mga taong nakakasalamuha namin dito.*



**Shiela Jimenez**
*Attendee from Purok 5*

*Kapag nakakapakinig ako ng Salita ng Diyos, nawawala sa isip ko ang mga problema at nagiging positive rin ako. Palagi rin akong excited kapag pumupunta ako dito sa Mt. Tabor.*



**AJ Martir**
*Attendee from Purok 3*

*Nagpapasalmat po ako kasi nakakatulong sila sa mga katulad namin na gusto din mas lumalim pa ang pananampalataya sa Panginoon. Masaya din po ang pagtanggap sa amin. Madami kami nakikilalang kaibigan at nakakasalamuha na taga- ibang lugar.*



**Hazel Martir**
*Attendee from Purok 3*

*Labis akong nasisiyahan at natutuwa dahil nagkaroon na ng panambahan dito upang ipagpatuloy ang pananampalataya sa ating Panginoong Diyos at para makapagbigay papuri at pasasalamat sa ating Panginoon. Naramdaman rin naming welcome na welcome kami.*



**Eladio Manimtim**
*Attendee from Purok 1*

28 If that is how God clothes the grass of the field, which is here today, and tomorrow is thrown into the fire, how much more will he clothe you—you of little faith! 29 And do not set your heart on what you will eat or drink; do not worry about it.

**Luke 12:28-29 (NKJV)**

## Building the...

»from page 1

- Are we doing what God intents for us to do?

- How well and faithful are we doing it?

**Challenge**

**Proverbs 19:21**

There are many plans in a man's heart, Nevertheless the Lord's counsel—that will stand.

- You are saved and called for a purpose.

**2 Timothy 1:9**

Who has saved us and called us with a holy calling, not according to our works, but according to His own purpose and grace which was given to us in Christ Jesus before time began.

**1 Corinthians 7:20**

Let each one remain in the same calling in which he was called.

## SERMON NOTES

Write the points to remember from the sermon as you seek God in your life.

## PRAYER REQUESTS

**PHILIPPIANS 4:6-7 (NKJV)**

6 Be anxious for nothing, but in everything by prayer and supplication, with thanksgiving, let your requests be made known to God; 7 and the peace of God, which surpasses all understanding, will guard your hearts and minds through Christ Jesus.

Kindly approach Sis. Karen Mohammad.




### Pastors' Appreciation Night

OCTOBER 26, 6:00 PM AT UCF CHURCH SUCAT

Kindly coordinate with Sis. Nerissa Estrellado.



### UCF Member's Retreat

OCT. 21, NOV 1-2 AT MT. TABOR CHURCH RE-CREATION CENTER

Registration: PHP 1,999 (inclusive of food and accommodation)

Kindly coordinate with Sis. Raena Christine Tabay.



### SHARE HIS WORD



For UCF updates, prayer requests, testimonies, live broadcasts, and replays of church services and gatherings, follow us on our social media accounts.

Facebook @UCFOfficial

Instagram @UCF_Official

Twitter @UCFOfficial1

YouTube @UCFOfficial

### CONTACT US

UCF WORSHIP CENTER
#17 Highlight St., Area 4,
Fourth Estate Subd., Parañaque City

### WEEKLY SCHEDULE

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
Sundays at 9:00AM (Parañaque)
Sundays at 3:00PM (Cabuyao, Laguna)

**MIDWEEK SERVICE**
Thursdays at 7:00PM
Parañaque

**DAILY PRAYER**
at 6:00PM

**BIBLE STUDY**
Tuesdays at 6:00PM
Cabuyao, Laguna

Scan these QR codes to watch the replays of the UCF Sunday Worship Services

Facebook | YouTube